## Pagpapataba

| Uri ng Pataba | Dami ng Pataba | Araw ng pagpaptaba |
|---|---|---|
| Organic fertilizer | 10 bags/ha (2 bags in 2,000 sq.m) | Bago magtanim |
| 14-14-14 | 4 bags/ ha (0.85 bags in 2,000 sq.m) | 7 araw pagkalipta-tanim |
| 16-20-0 | 4 bags/ ha (0.85 bags in 2,000 sq.m) | 30 araw pagkalipta-tanim |
| urea | 2.5 bags/ ha (0.5 bags in 2,000 sq.m) | Kapag namumulaklak |

## Pagpuksa.Pagkontrol ng sakit at mapaminsalang kulisap

| Insekto/Sakit | Gamot na Pangkontrol |
|---|---|
| Fruitfly | Turpedo cypermethrine |
| Army/Cut worm | Prevathon |
| Downy Mildew | Mancozeb |
| Bacterial Blight | Cupric oxide |

## Pag-aani

Maaaring anihin ang ampalaya sa loob ng 35 araw pagkatapos ilipat-tanim. Tatlo hanggang limang araw ang pag- aani nito. Tumatagal ng 3-4 na buwan ang pag-aani ng ampalaya.

PRODUCTION TEAM

Writer : Mr. Johnah Jefferson S. Mercado
Technical Expert : Dr. Jaime R. Quilantang
Editors : Dr. Pastora S. Coloma
Prof. Nemesio V. Torres
Ms. Janet L. Saturno
Layout Artist : Mr. Ephraine Hyacinth R. Chavez

STBF LOCAL TEAM
*Guimba, Nueva Ecija*

Magsasaka Siyentista: Mr. Florentino Tubay
FITS Manager : Mr. Joselito Abesamis
Technical Expert : Dr. Jaime R. Quilantang
Focal Person : Mr. Johnah Jefferson Mercado

Reproduced by
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE

*Isinaayos at inilathala ng:*
**Regional Applied Communication Office**
Central Luzon Agriculture and Resources
Research and Development Consortium
Tel.: (044) 456-0609

**Extension Office**
Central Luzon State University
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel. No.: (044) 456-5203

**Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD)**
Los Baños 4030, Laguna
(049) 536-0014 to 0015, 0017 to 0020

Copyright©2012 by
Central Luzon Agriculture and Resources
Research and Development Consortium
Central Luzon State University
Science City of Muñoz
3120 Nueva Ecija

ISSN 1655-2202
CLARDECC Leaflet 2012 No. 2

# Paraan ng pagtatanim ng Ampalaya



Ang Ampalaya ay isa sa mga gulay na itinatanim sa ating bansa at karaniwang makikita sa lutuing pinakbet at iba pang gisahing gulay. Ito ay may taglay na mga mineral tulad ng calcium, potassium, copper at iron. Gayundin, ito ay mayaman sa bitamina A, $B_1$ at $B_2$. Mayroon din itong *plant insulin* na nakakatulong sa pagpapababa ng *sugar* sa katawan ng tao.

Maaaring itanim ang ampalaya sa buong taon subalit pinakamainam itong itanim sa buwan ng Oktubre hanggang Disyembre at Mayo hanggang Hulyo.

## Uri ng lupang taniman

Ang ampalaya ay maaaring itanim sa lupang tinatawag na *clay loam* at *sandy loam* na may pH na 5.5-6.5. Kinakailangan din ang lupang madaling matuyuan.


## Paghahanda ng lupang taniman at paggawa ng balag

- Araruhin at suyurin ang lupang tatamnan at gumawa ng balag na 2.5 x 2.5 metro ang distansya bawat poste at may taas na 2.0 metro.
- Magkabit ng isang layer ng GI wire #14 sa taas nito.
- Maglagay ng dalawang layer ng GI wire #18 tatlong talampakan pababa mula sa taas na layer.
- Maglagay ng plastic string sa taas ng balag na may pagitang 20 sentimetro bawat isa .

## Pagtatanim

***Ragdoll Method***

- Gumamit ng malinis na tela o basahan at basain.
- Ihanay ang mga buto sa tela o basahan at irolyo.
- Buksan ang tela makaraan ang tatlong araw.



- Maaaring itanim ang mga buto direkta sa lupa o gumamit ng seedling tray na may 104 na butas na pagpapatubuan.
- Kailangan ng 17 seedling trays sa 2,000 sq.m. na lupa.
- Maghalo ng isang parte ng organikong pataba at isang parte ng lupa (1:1) para sa punlaan.

## Pagdadamo

Gumamit ng panabas upang alisin ang damo sa pagitan ng kamang taniman. Maaaring gumamit ng herbicide upang makontrol ito.

## Paglalagay ng plastic mulch

***Mga gamit sa paglalagay ng plastic mulch:***

- Dalawang (2) rolyo ng polyethylene plastic para sa 2000 sq.m. na lupa
- Gumamit ng lata na may 4-inch diameter na gagamitin sa pagbubutas.
- Ang agwat ng bawat butas ay 50 sentimetro.


Ang *plastic mulch* ay nakakatulong para sa pagkontrol ng damo at pagpapanatili ng mamasa-masang lupa. Nakakatulong rin ito upang hindi dapuan ng insekto ang halaman.



***Plastic mulch***

## Pruning

Ang pagbabawas ng sanga ay ginagawa 27 araw matapos ilipat-tanim.



## Pagpapatubig

Patubigan ang taniman minsan sa isang linggo kung kinakailangan. Ang pagdidilig ay kinakailangang basang-basa ang lupa o *flooding*.